Paninigarilyo at Pagbubuntis

Ang paninigarilyo ay nakakasama sa iyong kalusugan. Kung ikaw ay naninigarilyo habang buntis, nakakasama rin ito sa kalusugan ng iyong sanggol. Maaari itong magdulot ng mga problemang pangkalusugan gaya ng:

- ✔ Mababang timbang sa kapanganakan
- ✔ Maagang panganganak
- ✔ Ilang uri ng depekto sa kapanganakan
- ✔ Pagkawala ng pagbubuntis

Maaari ring magdulot ng sakit sa gilagid ang paninigarilyo. Ipinapakita ng pananaliksik na ang buntis na babae na may sakit sa gilagid ay mas mataas ang panganib na manganak ng sanggol na napaaga o maliit. Dahil sa mga pagbabago sa hormones habang buntis, maaari ka nang magkaroon ng mas mataas na panganib sa sakit sa gilagid.

Kung buntis ka at huminto sa paninigarilyo, makakatulong ito upang maiwasan o mabawasan ang mga problemang pangkalusugan. Maaari rin itong magdulot ng malaking benepisyo para sa iyo at sa iyong sanggol. Kumonsulta sa iyong doktor kung paano ka makakatigil sa paninigarilyo at mabigyan ng malusog na simula ang iyong anak.

Kung kailangan mo ng tulong upang makahanap ng dental provider o may mga katanungan tungkol sa iyong mga benepisyo, bisitahin ang **www.hndental.com**. O, tumawag sa:

- Mga miyembro ng **Los Angeles County: 1-844-233-4522**
- Mga miyembro ng **Los Angeles County: 1-833-493-0428**

Oras: 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. PT

Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TDD/TTY sa 1-800-466-7566.

Pinagkunan at website:
5th Edition Handbook of Pediatric Dentistry. American Academy of Pediatric Dentistry (AAPD), www.aapd.org.

Ang impormasyong ito ay hindi nilalayong palitan ang pangangalagang medikal o pangangalaga sa ngipin. Mangyaring sundin palagi ang mga instruksyon ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay subsidiary ng Health Net, LLC at Centene Corporation.
Ang Health Net ay rehistradong marka ng serbisyo ng Health Net, LLC. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

FLY1955659TH01w (9/25)